King County

Ang maaasahan kapag naghain ng reklamo laban sa Tanggapan ng Sheriff ng King County

Ang King County Office of Law Enforcement Oversight (OLEO) ay isang hiwalay na ahensyang kumikilos para pahusayin ang Tanggapan ng Sheriff ng King County (King County Sheriff's Office) sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga patas na kasanayan sa pagpapatupad ng batas na gumagalang sa lahat. Sinusuri namin ang mga pagsasanay, patakaran, at kasanayan ng Tanggapan ng Sheriff, nang ginagamit ang mga pampropesyonal na pamantayan at input ng komunidad, para makapagrekomenda ng mga pagpapahusay.

Sinusuri ng OLEO ang operasyon ng Tanggapan ng Sheriff at kung paano kumikilos ang mga empleyado nito. Layunin din naming matuto tungkol sa at pagtuunan ang mga priyoridad ng komunidad kaugnay ng pagsubaybay sa pagpapatupad ng batas, kaligtasan ng publiko, at transparency. Mauunawaan ang ginagawa ng OLEO sa tatlong aspeto ng programa:

Mga Aspeto ng Programa ng OLEO

Mga Imbestigasyon

- Subaybayan ang mga imbestigasyon sa misconduct.
- Suriin ang paggamit ng puwersa ng pulisya.
- Magsagawa ng mga hiwalay na imbestigasyon.

Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

- Makipag-ugnayan sa komunidad para malaman ang mga saloobin ng publiko tungkol sa kaligtasan ng publiko at mga operasyon ng Tanggapan ng Sheriff.
- Unawain kung paano nagagamit ng publiko ang mga serbisyo ng tanggapan ng Sheriff sa pamamagitan ng Komite sa Pagpapayo ng Komunidad (Community Advisory Committee).

Patakaran

- Kumonsulta sa komunidad para matukoy at mapag-usapan ang mga alalahanin tungkol sa mga kasanayan ng at inirerekomendang pagpapahusay sa Tanggapan ng Sheriff.
- Magsaliksik at magsulat ng mga rekomendasyon sa patakaran gamit ang kaalaman at feedback.

Sa palagay mo ba ay hindi naging maayos ang asal ng isang empleyado ng Tanggapan ng Sheriff?

Matuto pa tungkol sa paghahain ng reklamo.

Mga Reklamo

Sino ang puwedeng maghain ng reklamo?

Magagawa ng sinumang miyembro ng publiko o empleyado ng Tanggapan ng Sheriff na maghain ng reklamo. Puwedeng ihain ang mga reklamo sa anonymous na paraan at sa anumang wika.

Ano ang puwede mong ireklamo?

Ang mga reklamo ay puwedeng tungkol sa anumang nauugnay sa Tanggapan ng Sheriff, kasama ang:

- Panliligalig
- Paggamit ng puwersa
- Paggalang
- Diskriminasyon
- Etika

Paano ka puwedeng maghain ng reklamo?

Makipag-ugnayan sa aming tanggapan sa pamamagitan ng pagtawag sa **206-263-8870** o pag-email sa OLEO@kingcounty.gov.

Matuto pa sa aming website sa **kingcounty.gov/OLEO,** o i-scan ang QR code:

King County

MAKIPAG-UGNAYAN

TELEPONO: **206-263-8870**

EMAIL: OLEO@kingcounty.gov

WEB: kingcounty.gov/OLEO

May mga alternatibong format

Tumawag sa 206-263-8870 o TTY: 711

OLEO
OFFICE OF LAW ENFORCEMENT OVERSIGHT

KCIT-DCE: 2407_13487D